# PAYAK NA KAPALIWANAGAN SA DAKILANG TALATA NG QURAN: AAYA TUL-KURSI

**Marka:**

**Deskripsyon:** Ang araling ito ay tulong sa pagsasaulo ng Aaya tul-Kursi at pagunawa sa kanyang kahulugan.

**Kategorya:** Mga Aral › Ang Banal na Quran › Kapaliwanagan ng Ilang Talata

**Ni:** Imam Kamil Mufti

**Nai-publish sa:** 29 Mar 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Prerequisite

·Paniniwala sa Allah (2 Bahagi).

Mga Layunin

·Upang matutunan ang salin at kapaliwanagan ng *Aaya tul-Kursi* sa payak na wika.

Terminong Arabic

·*Tawheed* – Ang Kaisahan at pagiging Katangi-tangi ng Allah na may kinalaman sa kanyang Pagkadiyos, Kanyang mga Pangalan at mga Katangian at sa Kanyang karapatan na sambahin.

·*Salah* - salitang Arabe na tumutukoy sa direktang koneksyon sa pagitan ng mananampalataya at ng Allah. Higit sa lahat, sa Islam ay tumutukoy ito sa pormal na limang pang araw-araw na panalangin na siyang pinakamahalagang uri ng pagsamba.

·*Surah* – kabanata ng Quran.

·*Kursi* - luklukan.

## *Aaya tul-Kursi*

*Aaya tul-Kursi*[1], ang pinakadakilang talata ng Quran, ay ang pang-255th talata ng *Surah* al-Baqara. Mayroon itong dakilang biyaya kapag binibigkas. Ang Propeta, sumakanya nawa ang habag at pagpapala ng Allah, ay nagtagubilin sa atin na bigkasin ito pagkatapos ng bawat obligadong *salah* at bago matulog. Ang Aaya tul-Kursi ang ay ang pinakamakapangyarihang proteksyon laban sa demonyo.

### Teksto, Pagsasatitik, Pagsasalin, at Kapaliwanagan

"***Allahu la ilaha illa huwa. Al-Hayyul qayyoom. La ta khuthuhu sinatun walaa nawm. Lahu ma fis samawati wama fil ard. Man thal lathee yashfaau indahu illa bi ithnihi. Yaalamu maa bayna***

***aydeehim wamaa khalfahum. Walaa yuheetoona bi shay-in min ilmihi illa bima shaa. Wa siaa kursiyyuhus samaawaati wal-ard. Walaa yaooduhu hifthuhuma. Wahuwal alee yul atheem.*" (Quran 2:255)**

***??????????????????????????***

***Allahu la ilaha illa huwa***

***Allah – walang ibang Diyos maliban sa Kanya***

Ito ay isang pagpapatunay ng *Tawheed al-Uloohiya*, na walang sinumang Panginoon maliban sa Kanya. Walang sinuman ang karapat-dapat sambahin maliban sa Kanya. Walang anuman ang sasambahin maliban sa Kanya o katambal Niya. Ito ang ating layunin sa buhay at dahilan ng Allah sa pagpapadala ng mga Propeta at pagpapahayag ng mga Kasulatan. At higit sa lahat, sa aspetong ito tayo ay huhushagan sa Araw ng Paghuhukom.

**???????????????????**

***Al-Hayyul qayyoom***

***ang Walang-Hanggan, ang Tagapanustos ng (lahat) nang umiiral.***

Ang Nagmamay ari ng perpekto at buhay na walang hanggan, na kung saan ay hindi mapangungunahan nang wala o hindi umiiral at hindi kailanman titigil sa pag iral. Siya ang Una na walang pinagsimulan, at ang Huli na walang Hangganan. Walang anuman bago o pagkatapos Niya. Siya ang nagbibigay buhay sa buong sanlibutan, subalit, walang nagbigay ng buhay sa Kanya. Ang kahulugan ng ganap o perpekto na buhay ay pagkakaroon ng ganap na mga katangian katulad ng pandinig, paningin, lakas, at kaalaman. Ang kanyang buhay ay hindi katulad ng buhay ng tao.

Ang Allah ang nagpapanatili sa Kanyang sarili na tumututstos sa lahat ng iba pa. Siya ay hindi nagbabago o nawawala. Ang nilikha ay hindi maaaring umiral kung wala ang Allah na magpapanatili nito.

Ang lahat ng mga bagay na sinasamba maliban sa Allah ay kailanman hindi mabubuhay ng walang hanggan, o di kaya maaasahan ng mga nilikha. Sa halip, umaasa sila sa Allah para sa kanilang pangangailangan.

***??????????????????????????????***

***La ta khuthuhu sinatun walaa nawm***

***Siya ay hindi inaantok o natutulog.***

Natutulog at inaantok ang mga nilikha, subalit ang Tagapaglikha ay hindi natutulog, o inaantok. Hindi Siya napapagod o nagpapahinga. Hindi katulad ng mga nilikha, Wala Siyang ganoong kakulangan. Siya ay ganap. Taglay Niya ang mga katangi-ang ganap at kataas-taasan.

***????? ????????????????????????? ???????????***

***Lahu ma fis samawati wama fil ard***

***Sa Kanya lamang nau-ukol ang anuman na nasa mga kalangitan at anuman ang nasa kalupaan.***

Sa Allah nau-ukol ang anumang taglay nila at nasa pagitan nila. Siya ang Kataas-Taasan, Tagapagtustos, ang Hari, ang Tagapangasiwa. Ang lahat ng mga nilikha ay sakop ng Kanyang Kaharian, at magagawa Niya ang anumang nais Niya sa kanila. Anumang bagay na sinasamba maliban pa sa Allah ay walang kapamahalaan o kapangyarihan sa lahat.

***??? ??????????????????????????????????????????***

***Man thal lathee yashfaau indahu illa bi ithnihi***

***Sino ang maaaring mamagitan sa Kanya maliban sa Kanyang pahintulutan?***

***Walang sinuman ang maaaring mamagitan at maging tagapagtanggol sa ngalan ninuman na walang pahintulot o pagnanais mula sa sa Allah. Ang pamamagitan ay mula sa kabutihan at habag ng Allah at nakalaan sa Araw ng Paghuhukom sa mga pahihintulutan lamang ng Allah na mamagitan, kagaya ng mga propeta at matutuwid na tao. Para sa mga yaong sinamba ng tao para mamagitan sa Allah, wala silang karapatan.***

***??????????? ?????????????????????????????????***

***Yalamu maa bayna aydeehim wamaa khalfahum***

***Siya na nakababatid ng (kasalukuyan) bago iyon at kung ano ang mangyayari pagkatapos.***

***Batid Niya ang kalagayan ng Kanyang nilikha. Alam Niya kung ano ang naganap, nagaganap, at magaganap. Alam Niya ang lingid at ano ang hayag. Alam Niya kung ano ang nakamit ng Kanyang mga nilalang at kung ano ang nawala. Alam Niya kung ano ang kanilang nagawa sa nakaraan at kung ano ang kanilang magagawa sa***

***hinaharap. Alam Niya kung ano ang kanilang inilihim at ano ang kanilang inilantad. Walang makakalusot sa Kanyang Kaalaman. Walang makalilito sa Kanya. Walang hanggan ang Kanyang kaalaman, habang ang mga nilalang ay may hangganan.***

***????????????????????????????????????????????? ????***

***Walaa yuheetoona bi shay-in min ilmihi illa bima shaa***

***at hindi nila mababatid ang anuman sa Kanyang kaalaman maliban kung anu man ang Kanyang naisin.***

Pinagpala ng Allah ang tao sa ibinigay na kaalaman, subalit lumawak man ang kaalaman ng tao, mananatili itong isang bula sa karagatan kumpara sa banal na kaalaman. Hindi lubusang nakikilala ng tao ang kanilang sarili, Papaano nila naiisip na magtamo ng kaalaman mula sa Lingid o hindi Nakikita? Walang sino man sa mga nilalang ang nakakaalam sa Lingid o hindi Nakikita, maliban sa mga propeta na pinagkalooban ng kaalaman tungkol dito.

***???????????????????????????????????????***

***Wa siaa kursiyyuhus samaawaati wal-ard***

***Ang Kanyang Kursi ay sumasaklaw sa langit at sa lupa,***

Katulad ng banal na kaalaman na sumasaklaw sa lahat ng nilalang, ang *Kursi* – luklukan – ay sumasaklaw sa buong kalawakan. Ito ang kadakilaan ng Allah.

***????????????????????????***

***Walaa yaooduhu hifthuhuma***

***at ang pagpapanatili ay hindi mahirap sa Kanya.***

Walang anuman ang makapagpapahina sa Kanya. Malaki o maliit, madali o mahirap, marami o kakaunti, dakila o aba – ang Allah ang nagpapanatili ng lahat at hindi ito mahirap para sa Kanya.

***?????????????????????????***

***Wahuwal alee yul atheem***

***At Siya ang Kataas-taasan, ang Pinaka-Dakila.***

Ang Allah ang Kataas-taasan; walang anuman ang nakahihigit sa Kanya, at walang katulad Niya. Ang Kataas-taasan ay higit pa sa lahat ng pagsasalarawan at unawa. Ang Allah ang nagtataglay ng kamahalan at kabanalan, ganap at luwalhati, kagandahan at karingalan. Walang anuman ang higit pa sa Kanya sapagkat ang Allah ang sukdulan, ang pinaka-Dakila.

---

Footnotes:

| | |
|---|---|
| [1] | Talata ng Al-Kursi (Quran 2:255) |

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/72/payak-na-kapaliwanagan-sa-dakilang-talata-ng-quran

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.